**Sino ang lumikha sa akin? At bakit?Bawat bagay ay nagpapapahiwatig ng kairalan ng Tagalikha.**

شركاء التنفيذ:

دار الإسلام جمعية الربوة رواد الترجمة المحتوى الإسلامي

يتاح طباعة هذا الإصدار ونشره بأي وسيلة مع الالتزام بالإشارة إلى المصدر وعدم التغيير في النص.

Telephone: +966114454900
ceo@rabwah.sa
P.O.BOX: 29465
RIYADH: 11557
www.islamhouse.com

# Sino ang lumikha sa akin? At bakit?Bawat bagay ay nagpapahiwatig ng kairalan ng Tagalikha.

Sino ang lumikha ng mga langit at lupa at anumang nasa mga ito na mga dakilang nilikha na hindi natatalos?

Sino ang gumawa sa sistemang eksaktong mahusay na ito sa langit at lupa?

Sino ang lumikha ng tao, nagkaloob sa kanya ng pandinig, paningin, at pang-unawa, at gumawa sa kanya na nakakakaya ng pagtamo ng mga kaalaman at pagtalos ng mga katotohanan?

Papaano mong ipakahuhulugan ang eksaktong pagkagawang ito sa mga organo ng katawan mo at mga katawan ng mga buhay na nilalang? Sino ang nagpasimula sa mga ito?

Papaanong naoorganisa at namamalagi ang dakilang Sansinukob na ito sa pamamagitan ng mga batas nito na nagreregula rito sa isang eksaktong pagkakaregula sa paglipas ng mga taon?

Sino ang naglagay ng mga sistema na namamahala sa mundong ito: ang buhay, ang kamatayan, ang pag-aanak ng mga buhay, ang gabi at ang maghapon, ang pagpapalit ng mga panahon, at iba pa?

Nilikha ba ng Sansinukob na ito ang sarili nito o dumating ito mula sa wala o umiral ito dahil sa isang pagkakataon (chance)?

Bakit sumasampalataya ang tao sa kairalan ng mga bagay na hindi niya nakikita? Tulad ng pagkatalos, isip, kaluluwa, mga damdamin, at pag-ibig? Hindi ba dahil siya ay nakakikita sa mga epekto ng mga ito? Kaya papaanong magkakaila ang tao sa kairalan ng Tagalikha ng dakilang Sansinukob na ito samantalang siya ay nakakikita sa mga epekto ng mga nilikha ng Tagalikha at mga epekto ng pagkagawa Nito at awa Nito?

Hindi matatanggap ng isang tao na sabihin sa kanya na ang bahay ay dumating nang walang pagpapatayo ng isang tao o sabihin sa kanya na ang wala ay ang nagpairal sa bahay na ito! Kaya papaanong naniniwala ang ilan sa mga tao sa nagsasabi na ang dakilang Sansinukob na ito ay dumating nang walang isang tagalikha? Papaanong matatanggap ng isang nakapag-uunawa na sabihin sa kanya na ang kawastuhang eksaktong ito ng Sansinukob ay dumating dala ng isang pagkakataon (chance)?

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

﴿أَمۡ خُلِقُواْ مِنۡ غَيۡرِ شَيۡءٍ أَمۡ هُمُ ٱلۡخَٰلِقُونَ ٣٥ أَمۡ خَلَقُواْ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضَۚ بَل لَّا يُوقِنُونَ ٣٦﴾ [الطور: 35-36]

{O nilikha sila ng hindi isang anuman o sila ay ang mga tagalikha?}(Qur'ān 52:35)

# Si Allāh – Kaluwalhatian sa Kanya at Napakataas Siya

Mayroong Panginoon at Tagalikhang nag-iisa. Siya ay may maraming dakilang pangalan at katangiang nagpapatunay sa kalubusan Niya. Kabilang sa mga pangalan Niya: Ang Khāliq (Tagalikha), Ang Raḥīm (Maawain), Ang Rāziq (Tagatustos), at Ang Karīm (Mapagbigay). Ang pangalang Allāh ay ang pinakatanyag na pangalan mula sa mga pangalan ng Panginoon (kaluwalhatian sa Kanya at pinakamataas Siya). Ang kahulugan nito ay ang karapat-dapat sa pagsamba – tanging Siya: walang katambal sa Kanya.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya) sa Marangal na Qur'ān[1]:

﴿قُلۡ هُوَ ٱللَّهُ أَحَدٌ ۝١ ٱللَّهُ ٱلصَّمَدُ ۝٢ لَمۡ يَلِدۡ وَلَمۡ يُولَدۡ ۝٣ وَلَمۡ يَكُن لَّهُۥ كُفُوًا أَحَدُۢ ۝٤﴾

[الإخلاص: 1-4]

{1. Sabihin mo: “Siyang si Allāh ay Kaisa-isa. 2. Si Allāh ay ang Dulugan [sa pangangailangan]. 3. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak. 4. Hindi nagkaroon sa Kanya ng isang kapantay na isa man.”}(Qur'ān 112:1-4)

Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ٱلۡحَيُّ ٱلۡقَيُّومُۚ لَا تَأۡخُذُهُۥ سِنَةٞ وَلَا نَوۡمٞۚ لَّهُۥ مَا فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِي ٱلۡأَرۡضِۗ مَن ذَا ٱلَّذِي يَشۡفَعُ عِندَهُۥٓ إِلَّا بِإِذۡنِهِۦۚ يَعۡلَمُ مَا بَيۡنَ أَيۡدِيهِمۡ وَمَا خَلۡفَهُمۡۖ وَلَا يُحِيطُونَ بِشَيۡءٖ مِّنۡ عِلۡمِهِۦٓ إِلَّا بِمَا شَآءَۚ وَسِعَ كُرۡسِيُّهُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضَۖ وَلَا يَـُٔودُهُۥ حِفۡظُهُمَاۚ وَهُوَ ٱلۡعَلِيُّ ٱلۡعَظِيمُ﴾ [البقرة: 255]

{Si Allāh, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Mapagpanatili. Walang nakatatangay sa Kanya na isang antok ni isang pagkatulog. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino itong mamamagitan sa piling Niya malibang ayon sa pahintulot Niya? Nakaaalam Siya sa anumang nasa harapan nila at anumang nasa likuran nila. Hindi sila nakapapaligid sa anuman mula sa kaalaman Niya malibang ayon sa niloob Niya. Sumakop ang silya Niya sa mga langit at lupa at hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Mataas, ang Sukdulan.}(Qur'ān 2:255):

# Ang mga Katangian ng Panginoon – Kaluwalhatian sa Kanya at Napakataas Siya

Ang Panginoon ay ang lumikha ng lupa at nagpaamo rito at gumawa rito bilang naaangkop para sa mga nilikha Niya. Siya ang lumikha ng mga langit at anumang nasa mga ito na mga dakilang nilikha at gumawa sa araw, buwan, gabi, at maghapon. Ito ang eksaktong pagkawasto na nagpapatunay sa kadakilaan Niya.

Ang Panginoon ay ang nagpasilbi para sa atin ng hangin, na hindi magkakaroon ng buhay para sa atin nang wala nito. Siya ang nagpababa sa atin ng mga ulan at nagpasilbi para sa atin ng mga dagat at mga ilog. Siya ang nagbibigay-sustansiya sa atin samantalang tayo ay mga fetus sa mga tiyan ng mga ina natin habang wala tayong lakas. Siya ang gumagawa sa mga dugo na dumadaloy sa mga ugat natin at gumawa sa mga puso natin na pumipintig nang tuluy-tuloy mula nang pagsilang sa atin hanggang sa mamatay tayo.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

﴿وَٱللَّهُ أَخۡرَجَكُم مِّنۢ بُطُونِ أُمَّهَٰتِكُمۡ لَا تَعۡلَمُونَ شَيۡـٔٗا وَجَعَلَ لَكُمُ ٱلسَّمۡعَ وَٱلۡأَبۡصَٰرَ وَٱلۡأَفۡـِٔدَةَ لَعَلَّكُمۡ تَشۡكُرُونَ ٧٨﴾ [النحل: 78]

{Si Allāh ay nagpalabas sa inyo mula sa mga tiyan ng mga ina ninyo nang hindi kayo nakaaalam ng anuman at gumawa

para sa inyo ng pandinig, mga paningin, at mga puso nang sa gayon kayo ay magpapasalamat.}(Qur'ān 16:78)

# Ang Panginoong sinasamba ay hindi maiiwasan na mailarawan sa mga katangian ng kalubusan.

Nagtustos sa atin ang Tagalikha natin ng mga isip na nakatatalos sa kadakilaan Niya. Nagkintal Siya sa atin ng naturalesang nagpapatunay sa kalubusan Niya at na Siya ay hindi maaari na mailarawan sa kakulangan.

Ang pagsamba ay hindi maiiwasan na maging ukol kay Allāh – tanging sa Kanya – sapagkat Siya ay ang Lubos na karapat-dapat sa pagsamba. Bawat anumang sinasamba bukod pa sa Kanya, ito ay walang-kabuluhan, kulang, at sasailalim sa kamatayan at pagkalipol.

Ang sinasamba ay hindi maaari na maging isang tao o isang anito o isang puno o isang hayop!

Hindi naaangkop sa nakapag-uunawa na sumamba kundi sa Lubos kaya papaano siyang sasamba sa isang nilikha na higit na mababa kaysa sa kanya!

Ang Panginoon ay hindi maaari na maging isang fetus sa tiyan ng isang babae at ipanganak kung paanong ipinanganganak ang mga bata!

Ang Panginoon ay ang lumikha ng nilikha. Ang nilikha ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng Panginoon at pananaig Niya. Kaya

naman hindi maaari na puminsala sa Kanya ang tao at hindi maaari para sa isang tao na magpako sa Kanya sa krus, magdulot ng pagdurusa sa Kanya, at humamak sa Kanya!

Ang Panginoon ay hindi maaaring mamatay!

Ang Panginoon ay ang hindi nakalilimot, hindi natutulog, at hindi kumakain ng pagkain. Siya ay Dakila, na hindi maaaring magkaroon ng asawa o anak. Ang Tagalikha ay may mga katangian ng kadakilaan at hindi maaari magpakailanman na mailarawan sa pagkakaroon ng pangangailangan o kakulangan. Ang lahat ng mga teksto na nagsasaad ng anumang sumasalungat sa kadakilaan ng Tagalikha, kabilang sa inuugnay sa mga propeta, ang mga ito ay mga tekstong pinilipit at hindi mula sa tumpak na pagsisiwalat na inihatid nina Moises, Jesus, at iba pa sa kanila kabilang sa mga propeta (sumakanila ang basbas at ang pangangalaga).

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

﴿يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ ضُرِبَ مَثَلٞ فَٱسۡتَمِعُواْ لَهُۥٓۚ إِنَّ ٱلَّذِينَ تَدۡعُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ لَن يَخۡلُقُواْ
ذُبَابٗا وَلَوِ ٱجۡتَمَعُواْ لَهُۥۖ وَإِن يَسۡلُبۡهُمُ ٱلذُّبَابُ شَيۡـٔٗا لَّا يَسۡتَنقِذُوهُ مِنۡهُۚ ضَعُفَ ٱلطَّالِبُ
وَٱلۡمَطۡلُوبُ ٧٣ مَا قَدَرُواْ ٱللَّهَ حَقَّ قَدۡرِهِۦٓۚ إِنَّ ٱللَّهَ لَقَوِيٌّ عَزِيزٌ ٧٤﴾ [الحج: 73-74]

{73. O mga tao, may inilahad na isang paghahalintulad kaya makinig kayo roon. Tunay na ang dinadalanginan ninyo bukod pa kay Allāh ay hindi makalilikha ng isang langaw, kahit pa nagkaisa sila para roon. Kung mangangagaw sa

kanila ang langaw ng isang bagay ay hindi sila makapapasagip niyon mula rito. Humina ang humuhuli at ang hinuhuli. (74) 74. Hindi sila nagpahalaga kay Allāh nang totoong pagpapahalaga sa Kanya. Tunay na si Allāh ay talagang Malakas, Makapangyarihan.}(Qur'ān 22:73-74)

# Maiisip kaya na mag-iwan sa atin ang Tagalikha nang walang pagkasi?

Maiisip kaya na si Allāh ay lumikha sa lahat ng mga nilikhang ito nang walang layon? Lumikha kaya Siya ng mga ito nang walang layon samantalang Siya ang Marunong, ang Dakila?

Maiisip kaya na ang lumikha sa atin sa ganitong kawastuhan at kahusayan at nagpasilbi para sa atin ng nasa mga langit at lupa ay lumikha sa atin nang walang layon o nag-iwan sa atin nang walang sagot sa pinakamahalaga sa mga tanong na umaabala sa atin tulad ng kung bakit tayo narito, ano ang mangyayari matapos ng kamatayan, at ano ang layon sa paglikha sa atin?

Bagkus nagsugo si Allāh ng mga sugo upang makaalam tayo sa layon ng pag-iral natin at kung ano ang ninanais Niya sa atin.

Si Allāh ay nagpadala ng mga sugo upang magpabatid sila sa atin na Siya – tanging Siya – ang karapat-dapat sa pagsamba, upang makaalam tayo kung papaanong sasambahin Siya, at upang magpaabot sila sa atin ng mga ipinag-uutos ni Allāh at mga sinasaway Niya at magturo sila sa atin ng mga mainam na pinahahalagahan (value), na kung susundin natin ay magiging kaaya-aya ang buhay natin, na paghaharian ng mga kabutihan at mga pagpapala.

Nagpadala si Allāh ng maraming sugo, tulad nina Noe, Abraham, Moises, at Jesus. Nagbigay si Allāh sa mga sugong ito ng mga tanda at mga himala na nagpapatunay sa katapatan nila at na sila ay mga isinugo mula sa ganang Tagalikha.

Ang kahuli-hulihan sa mga sugo ay si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Ibinaba nga ni Allāh sa kanya ang Marangal na Qur'ān.

Nagpabatid nga sa atin ang mga sugo nang buong kaliwanagan na ang buhay na ito ay isang pagsubok at na ang buhay na tunay ay mangyayari matapos ng kamatayan.

Nagpabatid ang mga sugo na mayroong Paraiso para sa mga mananampalataya na sumamba kay Allāh – tanging sa Kanya: walang katambal sa Kanya – at sumampalataya sa lahat ng mga sugo, at mayroong Impiyerno na inihanda ni Allāh para sa mga tagatangging sumampalataya na sumamba sa mga iba pang diyos kasama kay Allāh o tumangging sumampalataya sa alinmang sugo kabilang sa mga sugo ni Allāh.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

﴿يَٰبَنِيٓ ءَادَمَ إِمَّا يَأۡتِيَنَّكُمۡ رُسُلٞ مِّنكُمۡ يَقُصُّونَ عَلَيۡكُمۡ ءَايَٰتِي فَمَنِ ٱتَّقَىٰ وَأَصۡلَحَ فَلَا خَوۡفٌ عَلَيۡهِمۡ وَلَا هُمۡ يَحۡزَنُونَ ٣٥ وَٱلَّذِينَ كَذَّبُواْ بِـَٔايَٰتِنَا وَٱسۡتَكۡبَرُواْ عَنۡهَآ أُوْلَٰٓئِكَ أَصۡحَٰبُ ٱلنَّارِۖ هُمۡ فِيهَا خَٰلِدُونَ ٣٦﴾ [الأعراف: 35-36]

{35. O mga anak ni Adan, kung may pupunta nga naman sa inyo na mga sugo kabilang sa inyo, na nagsasalaysay sa inyo ng mga tanda Ko, ang mga nangilag magkasala at nagsaayos ay walang pangamba sa kanila ni sila ay malulungkot 36. Ang mga nagpasinungaling sa mga tanda Namin at nagmalaki sa mga ito, ang mga iyon ang mga maninirahan sa Apoy; sila ay doon mga mananatili.}(Qur'ān 7:35-36)

Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿أَفَحَسِبۡتُمۡ أَنَّمَا خَلَقۡنَٰكُمۡ عَبَثٗا وَأَنَّكُمۡ إِلَيۡنَا لَا تُرۡجَعُونَ ١١٥﴾ [المؤمنون: 115]

{Kaya nagpalagay ba kayo na lumikha lamang Kami sa inyo nang walang-kabuluhan, at na kayo tungo sa Amin ay hindi pababalikin?}(Qur'ān 23:115)

# Ang Marangal na Qur'ān

Ang Marangal na Qur'ān ay ang Salita ni Allāh na pinababa Niya sa kahuli-hulihan sa mga sugo, si Muḥammad. Ang Qur'ān ay ang pinakadakilang himala na nagpapatunay sa katapatan ng pagkapropeta ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sapagkat ito ang totoo sa mga patakaran at ang tapat sa mga pabatid. Hinamon nga ni Allāh ang mga tagapagpasinungaling na maglahad sila kahit man lamang ng iisang kabanatang tulad ng Qur'ān na ito ngunit nawalang-kakayahan sila roon dahil sa karikitan ng istilo ng Qur'ān at kahusayan ng mga pananalita nito.

# Bakit dumami ang mga sugo?

Talaga ngang nagsugo si Allāh ng mga sugo magmula ng simula ng panahon upang mag-anyaya sila sa mga tao tungo sa Panginoon nila at magparating sila sa mga ito ng mga ipinag-uutos ni Allāh at mga sinasaway Niya. Ang paanyaya nila sa kalahatan ay ang pagsamba kay Allāh – tanging sa Kanya: kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan. Sa tuwing nagsimula ang isang kalipunan sa pagwaksi o pagbaluktot sa inihatid ng sugo nito na utos ng paniniwala sa kaisahan ni Allāh, nagtatalaga si Allāh ng iba pang sugo para magtumpak sa landasin at magpanumbalik sa mga tao sa matinong naturalesa ng paniniwala sa kaisahan ni Allāh at pagtalima sa Kanya. Ganito hanggang sa winakasan ni Allāh ang mga sugo sa pamamagitan ni Propeta Muḥammad (sumakanya ang pangangalaga). Siya ang naghatid ng Batas na mamamalagi, na pangkalahatan para sa lahat ng mga tao hanggang sa Araw ng Pagbangon, ang Batas na tagapaglubos at tagapagpawalang-bisa sa nauna rito na mga batas. Ginarantiyahan ng Panginoon para sa Batas at mensaheng ito ang pananatili at ang pamamalagi hanggang sa Araw ng Pagbangon.

Dahil doon, tayong mga Muslim ay sumasampalataya, gaya ng ipinag-utos ni Allāh, sa lahat ng mga sugo at mga naunang kasulatan.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

﴿ءَامَنَ ٱلرَّسُولُ بِمَآ أُنزِلَ إِلَيۡهِ مِن رَّبِّهِۦ وَٱلۡمُؤۡمِنُونَۚ كُلٌّ ءَامَنَ بِٱللَّهِ وَمَلَٰٓئِكَتِهِۦ وَكُتُبِهِۦ وَرُسُلِهِۦ لَا نُفَرِّقُ بَيۡنَ أَحَدٖ مِّن رُّسُلِهِۦۚ وَقَالُواْ سَمِعۡنَا وَأَطَعۡنَاۖ غُفۡرَانَكَ رَبَّنَا وَإِلَيۡكَ ٱلۡمَصِيرُ ٢٨٥﴾ [البقرة: 285]

{Hindi nag-aatang si Allāh sa isang kaluluwa malibang ayon sa kaya nito. Ukol dito ang kinamit nito at laban dito ang nakamit nito. Panginoon namin, huwag Kang magpanagot sa amin kung nakalimot kami o nagkamali kami. Panginoon namin, huwag Kang magpabuhat sa amin ng isang pabigat na gaya ng ipinabuhat Mo sa mga bago pa namin. Panginoon namin, huwag Kang magpapasan sa amin ng anumang wala kaming lakas doon. Magpaumanhin Ka sa amin, magpatawad Ka sa amin, at maawa Ka sa amin. Ikaw ay Mapagtangkilik sa amin, kaya mag-adya Ka sa amin laban sa mga taong tagatangging sumampalataya.}[2: 285]. (Qur'ān 2:285)

# Ang tao ay hindi magiging isang mananampalataya hanggang sa sumampalataya siya sa lahat ng mga sugo.

Ang nagsugo sa mga sugo ay si Allāh. Ang sinumang tumangging sumampalataya sa pagkasugo ng isa sa kanila, tumanggi nga siyang sumampalataya sa lahat. Kaya naman walang pagkakasalang higit na mabigat kaysa sa pagtanggi ng tao kay Allāh ng pagsisiwalat Niya. Kaya naman kailangan para sa pagpasok sa Paraiso ng pananampalataya sa lahat ng mga sugo.

Ang kinakailangan sa bawat isa sa panahong ito ay sumampalataya sa lahat ng mga sugo ni Allāh. Hindi mangyayari iyon malibang sumampalataya at sumunod sa kahuli-hulihan sa kanila at pangwakas sa kanila, si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Bumanggit si Allāh sa Marangal na Qur'ān na ang sinumang tumanggi sa pananampalataya sa alinmang sugo kabilang sa mga sugo ni Allāh ay tagatangging sumampalataya kay Allāh at tagapagpasinungaling sa pagsisiwalat Niya.

Basahin mo ang sumusunod na talata ng Qur'ān:

﴿إِنَّ ٱلَّذِينَ يَكۡفُرُونَ بِٱللَّهِ وَرُسُلِهِۦ وَيُرِيدُونَ أَن يُفَرِّقُواْ بَيۡنَ ٱللَّهِ وَرُسُلِهِۦ وَيَقُولُونَ نُؤۡمِنُ بِبَعۡضٖ وَنَكۡفُرُ بِبَعۡضٖ وَيُرِيدُونَ أَن يَتَّخِذُواْ بَيۡنَ ذَٰلِكَ سَبِيلًا ١٥٠ أُوْلَٰٓئِكَ هُمُ ٱلۡكَٰفِرُونَ حَقّٗاۚ وَأَعۡتَدۡنَا لِلۡكَٰفِرِينَ عَذَابٗا مُّهِينٗا ١٥١﴾ [النساء: 150-151]

{150. Tunay na ang mga tumatangging sumampalataya kay Allāh at sa mga sugo Niya, nagnanais na magtangi-tangi sa pagitan ni Allāh at ng mga sugo Niya, nagsasabi: “Sumasampalataya kami sa ilan at tumatanggi kaming sumampalataya sa iba pa,” at nagnanais na gumawa sa pagitan niyon ng isang landas [ng pananampalataya at kawalang-pananampalataya],. 151. ang mga iyon ay ang mga tagatangging sumampalataya, sa totoo. Naglaan Kami para sa mga tagatangging sumampalataya ng isang pagdurusang manghahamak.}(Qur'ān 4:150-151)

# Ano ang Islām?

Ang islam ay ang pagsuko kay Allāh sa pamamagitan ng paniniwala sa kaisahan Niya, ang pagpapaakay sa Kanya, at ang pagsunod sa batas Niya nang may pagkalugod at pagtanggap.

Ipinadala nga ni Allāh ang mga sugo para sa iisang mensahe: ang pag-aanyaya tungo sa pagsamba kay Allāh – tanging sa Kanya: walang katambal sa Kanya.

Ang Islām ay ang relihiyon ng lahat ng mga propeta sapagkat ang paanyaya nila ay iisa bagamat ang mga batas nila ay nagkakaiba-iba. Ang mga Muslim sa ngayon ay ang mga natatanging kumakapit sa tumpak na relihiyon na inihatid ng lahat ng mga propeta. Ang mensahe ng Islām sa panahong ito ay ang totoo sapagkat ang Panginoon na nagsugo kina Abraham, Moises, at Jesus ay ang nagsugo sa Pangwakas sa mga Propeta, si Propeta Muḥammad. Dumating ang Batas ng Islām bilang tagapagpawalang-bisa sa bago nito na mga batas.

Tunay na ang lahat ng mga relihiyon na ipinansasamba ng mga tao sa ngayon – maliban sa Islām – ay mga relihiyon na gawa ng mga tao o mga relihiyong makadiyos dati pagkatapos kinalikot ang mga ito ng kamay ng tao kaya naging isang pinaghalu-halo mula sa tambak na pangkatha-katha, mga alamat na minana-mana, at mga pagpupunyaging pantao. Hinggil naman sa paniniwala ng mga Muslim, ito ay iisang

paniniwalang maliwanag, na hindi nag-iiba-iba. Tingnan mo ang Marangal na Qur'ān, ito ay iisang aklat sa lahat ng mga bayan ng mga Muslim.

Nagsabi si Allāh sa Qur'ān:

﴿قُلۡ ءَامَنَّا بِٱللَّهِ وَمَآ أُنزِلَ عَلَيۡنَا وَمَآ أُنزِلَ عَلَىٰٓ إِبۡرَٰهِيمَ وَإِسۡمَٰعِيلَ وَإِسۡحَٰقَ وَيَعۡقُوبَ وَٱلۡأَسۡبَاطِ وَمَآ أُوتِيَ مُوسَىٰ وَعِيسَىٰ وَٱلنَّبِيُّونَ مِن رَّبِّهِمۡ لَا نُفَرِّقُ بَيۡنَ أَحَدٖ مِّنۡهُمۡ وَنَحۡنُ لَهُۥ مُسۡلِمُونَ ٨٤ وَمَن يَبۡتَغِ غَيۡرَ ٱلۡإِسۡلَٰمِ دِينٗا فَلَن يُقۡبَلَ مِنۡهُ وَهُوَ فِي ٱلۡأٓخِرَةِ مِنَ ٱلۡخَٰسِرِينَ ٨٥﴾

[آل عمران: 84-85]

{84. Sabihin mo: "Sumampalataya kami kay Allāh, sa anumang pinababa sa amin, sa anumang pinababa kay Abraham, kay Ismael, kay Isaac, kay Jacob at sa [mga propeta ng] mga lipi [ng Israel], sa anumang ibinigay kay Moises at kay Jesus, at sa mga propeta mula sa Panginoon nila. Hindi kami nagtatangi-tangi sa isa sa kanila at kami sa Kanya ay mga tagapagpasakop. 85). Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islām bilang relihiyon ay hindi ito matatanggap mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga lugi.}(Qur'ān 3:84-85)

# Ano ang pinaniniwalaan ng mga Muslim kaugnay kay Jesus (sumakanya ang pangangalaga)?

Nalalaman mo ba na ang mga Muslim ay kinakailangang sumampalataya sa propeta ni Allāh na si Jesus, nagmamahal sa kanya, gumagalang sa kanya, at sumasampalataya sa mensahe niya na pag-aanyaya tungo sa pagsamba kay Allāh – tanging sa Kanya: walang katambal sa Kanya? Ang mga Muslim ay naniniwala na si Propeta Jesus at si Propeta Muḥammad (basbasan sila ni Allāh at pangalagaan) ay mga tunay na propeta, at na silang dalawa ay isinugo para magpatnubay sa mga tao tungo sa daan ni Allāh at daan ng Paraiso.

Naniniwala tayo na si Jesus (sumakanya ang pangangalaga) ay kabilang sa pinakadakila sa mga sugo na isinugo ni Allāh. Naniniwala tayo na siya ay ipinanganak sa paraang mahimala. Nagpabatid nga sa atin si Allāh sa Qur'ān na Siya ay lumikha kay Jesus nang walang ama gaya ni Adan na walang ama at walang ina. Si Allāh sa bawat bagay ay may-kakayahan.

Naniniwala tayo na si Jesus ay hindi diyos at hindi anak ng Diyos at na siya ay hindi naipako sa krus bagkus inangat siya ni Allāh upang bumaba sa wakas ng panahon bilang makatarungang tagapagpasya. Siya ay makakasama ng mga Muslim dahil ang mga Muslim ay ang mga mananampalataya

sa paniniwala sa kaisahan ng Diyos, na ipinangaral ni Jesus at ng lahat ng mga propeta.

Talaga ngang nagpabatid sa atin si Allāh sa Marangal na Qur'ān na ang mensahe ni Jesus ay pinilipit ng mga Kristiyano at na mayroong mga nalihis na naliligaw, na pumilipit at umiba sa orihinal na ebanghelyo at nagdagdag ng mga tekstong hindi sinabi ni Jesus. Ang katunayan niyon ay ang pagkarami-rami ng mga maling kopya ng ebanghelyo at ang pagkakaroon ng maraming pagsasalungatan sa mga ito.

Talaga ngang nagpabatid sa atin si Allāh na si Jesus ay sumasamba sa Panginoon niya at hindi humiling sa isa man na sambahin siya, bagkus nag-uutos siya sa mga tao niya ng pagsamba sa Tagalikha niya subalit ang demonyo ay gumawa sa mga Kristiyano na sumamba kay Jesus. Nagpabatid sa atin si Allāh sa Qur'ān na Siya ay hindi magpapatawad sa isang sumamba sa iba pa sa Kanya. Nagpabatid Siya na si Jesus sa Araw ng Pagbangon ay magpapawalang-kaugnayan sa mga sumamba sa kanya at magsasabi sa kanila: "Nag-utos ako sa inyo na sumamba sa Tagalikha at hindi ako humiling sa inyo na sambahin ninyo ako!" Ang mga patunay niyon ay ang sabi ni Allāh:

﴿يَٰٓأَهۡلَ ٱلۡكِتَٰبِ لَا تَغۡلُواْ فِي دِينِكُمۡ وَلَا تَقُولُواْ عَلَى ٱللَّهِ إِلَّا ٱلۡحَقَّۚ إِنَّمَا ٱلۡمَسِيحُ عِيسَى ٱبۡنُ مَرۡيَمَ رَسُولُ ٱللَّهِ وَكَلِمَتُهُۥٓ أَلۡقَىٰهَآ إِلَىٰ مَرۡيَمَ وَرُوحٞ مِّنۡهُۖ فَـَٔامِنُواْ بِٱللَّهِ وَرُسُلِهِۦۖ وَلَا تَقُولُواْ ثَلَٰثَةٌۚ ٱنتَهُواْ خَيۡرٗا لَّكُمۡۚ إِنَّمَا ٱللَّهُ إِلَٰهٞ وَٰحِدٞۖ سُبۡحَٰنَهُۥٓ أَن يَكُونَ لَهُۥ وَلَدٞۘ لَّهُۥ مَا فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِي ٱلۡأَرۡضِۗ وَكَفَىٰ بِٱللَّهِ وَكِيلٗا ١٧١﴾ [النساء: 171]

{O mga May Kasulatan, huwag kayong magpalabis sa relihiyon ninyo at huwag kayong magsabi tungkol kay Allāh kundi ng totoo. Ang Kristo Jesus na anak ni Maria ay sugo ni Allāh lamang, salita Niya na ipinarating Niya kay Maria, at isang espiritu na mula sa Kanya. Kaya sumampalataya kayo kay Allāh at sa mga sugo Niya. Huwag kayong magsabi ng tatlo. Tumigil kayo, magiging mabuti ito para sa inyo. Si Allāh ay nag-iisang Diyos lamang. Kaluwalhatian sa Kanya para magkaroon pa sa Kanya ng isang anak. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Nakasapat si Allāh bilang Pinananaligan. }(Qur'ān 4:171)

Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

﴿وَإِذۡ قَالَ ٱللَّهُ يَٰعِيسَى ٱبۡنَ مَرۡيَمَ ءَأَنتَ قُلۡتَ لِلنَّاسِ ٱتَّخِذُونِي وَأُمِّيَ إِلَٰهَيۡنِ مِن دُونِ ٱللَّهِۖ قَالَ سُبۡحَٰنَكَ مَا يَكُونُ لِيٓ أَنۡ أَقُولَ مَا لَيۡسَ لِي بِحَقٍّۚ إِن كُنتُ قُلۡتُهُۥ فَقَدۡ عَلِمۡتَهُۥۚ تَعۡلَمُ مَا فِي نَفۡسِي وَلَآ أَعۡلَمُ مَا فِي نَفۡسِكَۚ إِنَّكَ أَنتَ عَلَّٰمُ ٱلۡغُيُوبِ ١١٦﴾ [المائدة: 116]

{[Banggitin] kapag magsasabi si Allāh: “O Jesus na anak ni Maria, ikaw ba ay nagsabi sa mga tao: Gawin ninyo ako at ang ina ko bilang dalawang diyos bukod pa kay Allāh?” Magsasabi ito: “Kaluwalhatian sa Iyo! Hindi nagiging ukol sa

akin na magsabi ako ng anumang ukol sa akin ay hindi isang karapatan. Kung nangyaring nagsabi ako niyon ay nakaalam Ka nga niyon. Nakaaalam Ka ng nasa sarili ko at hindi ako nakaaalam ng nasa sarili Mo. Tunay na Ikaw ay ang Palaalam sa mga nakalingid.}(Qur'ān 5:116)

Ang sinumang nagnais ng kaligtasan sa Kabilang-buhay, kailangan sa kanya na pumasok sa Islām at sumunod kay Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Kabilang sa mga katotohanan na nagkaisa sa pagsang-ayon sa mga ito ang mga propeta at ang mga isinugo (sumakanila ang pangangalaga) ay na walang maliligtas sa Kabilang-buhay kundi ang mga Muslim na sumampalataya kay Allāh, hindi nagtambal sa pagsamba sa Kanya ng isa man, at sumampalataya sa lahat ng mga propeta at mga sugo. Ang mga nasa panahon ni Propeta Moises noon, sumampalataya sa kanya, at sumunod sa mga katuruan niya, ang mga ito ay mga Muslim at mga mananampalataya na matutuwid. Subalit matapos na isinugo ni Allāh sa Jesus, kinakailangan sa mga tagasunod ni Moises na sumampalataya kay Jesus at sumunod sa kanya. Kaya naman ang mga sumampalataya kay Jesus, ang mga ito ay mga Muslim na maaayos; at ang sinumang tumanggi sa pagsampalataya kay Jesus at nagsabi: "Mananatili ako sa relihiyon ni Moises," ito ay hindi mananampalataya dahil siya ay tumanggi sa pagsampalataya kay Jesus na isang propetang isinugo ni Allāh. Pagkatapos matapos na ipinadala

ni Allāh ang kahuli-hulihan sa mga sugo, si Propeta Muḥammad, kinailangan sa lahat na sumampalataya sa kanya. Ang Panginoon ay ang nagsugo kina Moises at Jesus at ang nagsugo sa kahuli-hulihan sa mga sugo na si Muḥammad. Kaya naman ang sinumang tumangging sumampalataya sa pagkasugo ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at nagsabi: "Mananatili ako sa pagsunod kay Moises o kay Jesus," ito ay hindi manananampalataya.

Hindi nakasasapat na magsabi ang tao na siya ay gumagalang sa mga Muslim at hindi nakasasapat para sa kaligtasan niya sa Kabilang-buhay na magkawanggawa siya at umalalay sa mga dukha; bagkus kailangan na siya ay maging isang mananampalataya kay Allāh, sa mga kasulatan Nito, mga sugo Nito, at Huling Araw, upang tumanggap si Allāh niyon mula sa kanya sapagkat hindi nagkaroon ng isang pagkakasalang higit na mabigat kaysa sa pagtatambal (shirk) at pagtangging sumampalataya (kufr) kay Allāh, pag-ayaw sa kasi (pagsisiwalat) na pinababa ni Allāh o pagtanggi sa pagkapropeta ng kahuli-hulihan sa mga propeta Niya na si Muḥammad (basbasan Niya ito at pangalagaan). Kaya naman ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano na nakadinig sa pagkapadala kay Muḥammad bilang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), tumanggi sa pagsampalataya sa kanya, at tumanggi sa pagpasok sa Relihiyong Islām, sa Impiyerno ay magiging mga mamamalagi roon magpakailanman gaya ng sinabi ni Allāh:

﴿إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُواْ مِنۡ أَهۡلِ ٱلۡكِتَٰبِ وَٱلۡمُشۡرِكِينَ فِي نَارِ جَهَنَّمَ خَٰلِدِينَ فِيهَآۚ أُوْلَٰٓئِكَ هُمۡ شَرُّ ٱلۡبَرِيَّةِ ٦﴾ [البينة: 6]

{Tunay na ang mga tumangging sumampalataya kabilang sa mga May Kasulatan at mga tagapagtambal ay magiging nasa Apoy ng Impiyerno bilang mga mananatili roon. Ang mga iyon ay ang pinakamasama sa sangkinapal.}(Qur'ān 98:6)

Kaya yayamang bumaba sa Sangkatauhan ang kahuli-hulihang mensahe mula kay Allāh, kinakailangan sa bawat individuwal na nakaririnig tungkol sa Islām at nakaririnig tungkol sa huling Propeta na si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na sumampalataya sa kanya, sumunod sa Batas niya, at tumalima sa kanya sa ipinag-uutos niya at sinasaway nito. Ang sinumang nakaririnig tungkol sa huling mensaheng ito at tumanggi rito, hindi tatanggap si Allāh mula sa kanya ng anuman at magdudulot si Allāh ng pagdurusa sa kanya sa Kabilang-buhay. Kabilang sa mga patunay niyon ang sabi ni Allāh:

﴿وَمَن يَبۡتَغِ غَيۡرَ ٱلۡإِسۡلَٰمِ دِينٗا فَلَن يُقۡبَلَ مِنۡهُ وَهُوَ فِي ٱلۡأٓخِرَةِ مِنَ ٱلۡخَٰسِرِينَ ٨٥﴾ [آل عمران: 85]

{Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islām bilang relihiyon ay hindi ito matatanggap mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga lugi.}(Qur'ān 3:85)

Nagsabi pa si Allāh:

﴿قُلۡ يَٰٓأَهۡلَ ٱلۡكِتَٰبِ تَعَالَوۡاْ إِلَىٰ كَلِمَةٖ سَوَآءِۭ بَيۡنَنَا وَبَيۡنَكُمۡ أَلَّا نَعۡبُدَ إِلَّا ٱللَّهَ وَلَا نُشۡرِكَ بِهِۦ شَيۡـٔٗا وَلَا يَتَّخِذَ بَعۡضُنَا بَعۡضًا أَرۡبَابٗا مِّن دُونِ ٱللَّهِۚ فَإِن تَوَلَّوۡاْ فَقُولُواْ ٱشۡهَدُواْ بِأَنَّا مُسۡلِمُونَ٦٤﴾ [آل عمران: 64]

{Sabihin mo: “O mga May Kasulatan, halikayo sa isang salitang magkatulad sa pagitan namin at ninyo: na hindi tayo sasamba kundi kay Allāh, hindi tayo magtatambal sa Kanya ng anuman, at hindi gagawa ang iba sa atin sa iba bilang mga panginoon bukod pa kay Allāh.” Ngunit kung tumalikod sila ay sabihin ninyo: “Sumaksi kayo na kami ay mga Muslim.”}(Qur'ān 3:64)

## Ano ang nag-oobliga sa akin upang ako ay maging isang Muslim?

Para sa pagpasok sa Islām, kinakailangan ang pananampalataya sa anim na haliging ito:

Ang pananampalataya kay Allāh, na Siya ay ang Tagalikha, ang Tagapagtustos, ang Tagapangasiwa, ang Tagapagmay-ari, na walang katulad sa Kanya na anuman at wala Siyang asawa at walang anak; at na Siya – tanging Siya – ay ang karapat-dapat sa pagsamba.

Ang pananampalataya sa mga anghel, na sila ay mga lingkod ni Allāh, na nilikha Niya mula sa isang liwanag at gumawa na kabilang sa mga gawain nila na sila ay bumababa kalakip ng kasi (pagsisiwalat) sa mga propeta Niya.

Ang pananampalataya sa lahat ng mga kasulatan na pinababa ni Allāh sa mga propeta Niya (gaya ng Torah at Ebanghelyo) at sa kahuli-hulihan sa mga kasulatan, ang Marangal na Qur'ān.

Ang pananampalataya sa lahat ng mga sugo gaya nina Noe, Abraham, Moises, Jesus, at sa kahuli-hulihan sa kanila na si Muḥammad. Sila ay kabilang sa mga tao. Nag-ayuda si Allāh sa kanila sa pamamagitan ng kasi (pagsisiwalat). Ibinigay Niya sa kanila ang mga tanda at ang mga himala na nagpapatunay sa katapatan nila.

Ang pananampalataya sa Huling Araw kapag bubuhayin ni Allāh ang mga una at ang mga huli, hahatulan Niya ang nilikha Niya, at papapasukin Niya sa Paraiso ang mga mananampalataya at sa Impiyerno ang mga tagatangging sumampalataya.

Ang pananampalataya sa pagtatakda, na si Allāh ay nakaaalam sa bawat bagay: ang anumang nangyari sa nakaraan at ang anumang mangyayari sa hinaharap; at na si Allāh ay sumulat nga niyon, lumuob niyon, at lumikha ng bawat bagay.

# Ang Islām ay ang Daan ng Kaligayahan.

Ang Islām ay Relihiyon ng lahat ng mga propeta at hindi isang relihiyong natatangi sa mga Arabe.

Ang Islām ay ang daan ng tunay na kaligayahan sa Mundo at ng palagihang kaginhawahan sa Kabilang-buhay.

Ang Islām ay ang kaisa-isahang relihiyong nakakakaya sa pagtugon sa mga pangangailangan ng kaluluwa at katawan at sa paglutas sa lahat ng mga pantaong suliranin.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

﴿قَالَ ٱهۡبِطَا مِنۡهَا جَمِيعَۢاۖ بَعۡضُكُمۡ لِبَعۡضٍ عَدُوّٞۖ فَإِمَّا يَأۡتِيَنَّكُم مِّنِّي هُدٗى فَمَنِ ٱتَّبَعَ هُدَايَ فَلَا يَضِلُّ وَلَا يَشۡقَىٰ ١٢٣ وَمَنۡ أَعۡرَضَ عَن ذِكۡرِي فَإِنَّ لَهُۥ مَعِيشَةٗ ضَنكٗا وَنَحۡشُرُهُۥ يَوۡمَ ٱلۡقِيَٰمَةِ أَعۡمَىٰ ١٢٤﴾ [طه: 123-124]

{123. Nagsabi Siya: “Lumapag kayong dalawa mula rito *nang lahatan. Ang iba sa inyo sa iba pa ay kaaway. Kaya kung may pumunta nga naman sa inyo mula sa Akin na isang patnubay, ang sinumang sumunod sa patnubay Ko ay hindi maliligaw at hindi malulumbay; 124. at ang sinumang umayaw sa pag-aalaala sa Akin, tunay na ukol sa kanya ay isang pamumuhay na hikahos. Kakalap Kami sa kanya sa Araw ng Pagbangon na isang bulag.”}(Qur'ān 20:123-124)

# Ano ang mapapala ko sa pagpasok sa Islām?

Ang pagpasok sa Islām ay may mga dakilang mapapala, na kabilang sa mga ito:

- Ang pananagumpay at ang karangalan sa Mundo dahil sa pagiging ang tao ay isang lingkod ni Allāh, dahil kung hindi, siya ay naging isang lingkod ng pithaya, demonyo, at mga pagnanasa.

- Ang pinakadakilang pananagumpay sa Kabilang-buhay na maligtas mula sa pagdurusa sa Impiyerno, pumasok sa Paraiso at magtamo ng pagkalugod ni Allāh at pamamalagi sa Paraiso.

- Ang mga papapasukin ni Allāh sa Paraiso ay mamumuhay sa kaginhawahang pangkailanman, nang walang kamatayan o alinmang uri ng karamdaman o sakit o lungkot o pag-uulyanin at magtatamo ng bawat nanaisin nila.

Sa Paraiso ay mayroong mga matatamasa na hindi nakita ng isang mata, hindi narinig ng isang tainga, at hindi sumagi sa isip ng alinmang tao.

Kabilang sa mga patunay sa mga iyon ang sabi ni Allāh:

﴿مَنۡ عَمِلَ صَٰلِحٗا مِّن ذَكَرٍ أَوۡ أُنثَىٰ وَهُوَ مُؤۡمِنٞ فَلَنُحۡيِيَنَّهُۥ حَيَوٰةٗ طَيِّبَةٗۖ
وَلَنَجۡزِيَنَّهُمۡ أَجۡرَهُم بِأَحۡسَنِ مَا كَانُواْ يَعۡمَلُونَ ٩٧﴾ [النحل: 97]

{Ang sinumang gumawa ng isang maayos, na isang lalaki o isang babae, habang siya ay isang mananampalataya ay talagang magpapamuhay nga Kami sa kanya nang isang buhay na kaaya-aya at talagang gaganti nga Kami sa kanila ng pabuya sa kanila ayon sa higit na maganda sa anumang dati nilang ginagawa.}(Qur'ān 16:97)

# Ano ang maiwawala ko kung sakaling tinanggihan ko ang Islām?

Maiwawala ng tao ang pinakadakilang kaalaman at pagkakaalam. Ito ay ang pagkakaalam at ang kaalaman kay Allāh. Maiwawala niya ang pananampalataya kay Allāh na nagkakaloob sa tao ng katiwasayan at kapanatagan sa Mundo at kaginhawahang mananatili sa Kabilang-buhay.

Maiwawala ng tao ang pagkabatid sa pinakadakilang aklat na pinababa ni Allāh sa tao at ang pananampalataya sa Dakilang Aklat na ito.

Maiwawala niya ang pananampalataya sa mga propetang dakila at maiwawala din niya ang pakikisama sa kanila sa Paraiso sa Araw ng Pagbangon at siya ay magiging kasa-kasama ng mga demonyo, mga salarin, at mga nagdidiyus-diyusan sa apoy ng Impiyerno. Kay saklap ang tahanan at kay saklap ang kapitbahayan!

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

﴿فَٱعۡبُدُواْ مَا شِئۡتُم مِّن دُونِهِۦۗ قُلۡ إِنَّ ٱلۡخَٰسِرِينَ ٱلَّذِينَ خَسِرُوٓاْ أَنفُسَهُمۡ وَأَهۡلِيهِمۡ يَوۡمَ
ٱلۡقِيَٰمَةِۗ أَلَا ذَٰلِكَ هُوَ ٱلۡخُسۡرَانُ ٱلۡمُبِينُ ١٥ لَهُم مِّن فَوۡقِهِمۡ ظُلَلٞ مِّنَ ٱلنَّارِ وَمِن تَحۡتِهِمۡ
ظُلَلٞۚ ذَٰلِكَ يُخَوِّفُ ٱللَّهُ بِهِۦ عِبَادَهُۥۚ يَٰعِبَادِ فَٱتَّقُونِ ١٦﴾ [الزمر: 15-16]

{15. Kaya sambahin ninyo ang anumang niloob ninyo bukod pa sa Kanya." Sabihin mo: "Tunay na ang mga lugi ay

ang mga nagpalugi sa mga sarili nila at mga mag-anak nila sa Araw ng Pagbangon." Pansinin, iyon ay ang pagkaluging malinaw. 16. Magkakaroon sila mula sa ibabaw nila ng mga kulandong mula sa apoy at mula sa ilalim nila ng mga kulandong. Iyon ay ipinapangamba ni Allāh sa mga lingkod Niya, [na nagsasabi]: "O mga lingkod Ko, kaya mangilag kayong magkasala sa Akin."}(Qur'ān 39:15-16)

# Huwag mong ipagpahuli ang pagpapasya!

Ang Mundo ay hindi tahanan ng pamamalagi ...

Maglalaho mula rito ang bawat karikitan at mapapawi ang bawat pagnanasa ...

Darating ang Araw na tutuusin doon ang bawat gawang ipinauna mo. Iyon ay ang Araw ng Pagbangon. Nagsabi si Allāh:

﴿وَوُضِعَ ٱلۡكِتَٰبُ فَتَرَى ٱلۡمُجۡرِمِينَ مُشۡفِقِينَ مِمَّا فِيهِ وَيَقُولُونَ يَٰوَيۡلَتَنَا مَالِ هَٰذَا ٱلۡكِتَٰبِ لَا يُغَادِرُ صَغِيرَةٗ وَلَا كَبِيرَةً إِلَّآ أَحۡصَىٰهَاۚ وَوَجَدُواْ مَا عَمِلُواْ حَاضِرٗاۗ وَلَا يَظۡلِمُ رَبُّكَ أَحَدٗا ٤٩﴾ [الكهف: 49]

{Ilalagay ang talaan saka makikita mo ang mga salarin habang mga nababagabag dahil sa nasaad dito at magsasabi sila: “O kapighatian sa amin; ano ang mayroon sa talaang ito na hindi lumilisan sa isang maliit ni isang malaki malibang inisa-isa nito iyon.” Matatagpuan nila ang anumang ginawa nila na nakadalo. Hindi lumalabag sa katarungan ang Panginoon mo sa isa man.}(Qur'ān 18:49)

Nagpabatid nga si Allāh na ang tao na hindi umaanib sa Islām ay tunay na ang hantungan niya ay ang pamamalagi sa Apoy ng Impiyerno magpakailanman.

Kaya naman ang kalugihan ay hindi magaan; bagkus ito ay mabigat:

﴿وَمَن يَبۡتَغِ غَيۡرَ ٱلۡإِسۡلَٰمِ دِينٗا فَلَن يُقۡبَلَ مِنۡهُ وَهُوَ فِي ٱلۡأٓخِرَةِ مِنَ ٱلۡخَٰسِرِينَ٨٥﴾ [آل عمران: 85]

{Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islām bilang relihiyon ay hindi ito matatanggap mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga lugi.}(Qur'ān 3:85)

Kaya naman ang Islām ay ang relihiyon na hindi tatanggap si Allāh ng iba pa rito kabilang sa mga ibang relihiyon.

Si Allāh ay lumikha sa atin, sa Kanya tayo manunumbalik, at ang Mundong ito ay isang pagsubok para sa atin.

Maging nasa katiyakan ka: na ang buhay na ito ay maikli, tulad ng panaginip ... walang isang nakaaalam kung kailan siya mamamatay.

Kaya ano ang magiging sagot mo kapag tinanong ka sa Araw ng Pagbangon: Bakit hindi mo sinunod ang katotohanan at bakit hindi mo sinunod ang pangwakas sa mga propeta?

Ano ang isasagot mo sa Panginoon mo sa Araw ng Pagbangon? Nagbigay-babala na Siya sa iyo laban sa mga pagsunod sa kawalang-pananampalataya sa Islām at nagpabatid na Siya sa iyo na ang hantungan ng mga tagatangging sumampalataya ay ang kapahamakan sa Impiyerno magpakailanman.

Nagsabi si Allāh:

﴿وَٱلَّذِينَ كَفَرُواْ وَكَذَّبُواْ بِـَٔايَٰتِنَآ أُوْلَٰٓئِكَ أَصۡحَٰبُ ٱلنَّارِۖ هُمۡ فِيهَا خَٰلِدُونَ ٣٩﴾ [البقرة: 39]

{Ang mga tumangging sumampalataya at nagpasinungaling sa mga tanda Namin, ang mga iyon ay ang mga maninirahan sa Apoy; sila ay doon mga mananatili.}[2: 39]. (Qur'ān 2:39)

## Walang maidadahi-dahilan para sa sinumang nagwaksi sa totoo at gumaya-gaya sa mga magulang at mga ninuno.

Nagpabatid sa atin si Allāh na marami sa mga tao ay tumatanggi sa pagpasok sa Islām dala ng pangamba sa kapaligirang pinamumuhayan nila.

Marami ang mga tumatanggi sa Islām dahil sa kawalan ng pagkaibig nila sa pagpapaiba sa mga paniniwala nila na minana nila sa mga magulang nila at nakahiratian nila. Marami sa kanila ang pinipigilan ng panatisismo at bulag na pagsunod sa kabulaanan na minana nila.

Ang mga ito sa kalahatan ay hindi magkakaroon ng maidadahi-dahilan doon. Titindig sila sa harapan ni Allāh nang walang katwiran.

Hindi maidadahi-dahilan para sa ateista na magsabi: "Mananatili ako sa Ateismo dahil ako ay ipinanganak sa isang ateistang pamilya!" Inoobliga siya na gamitin ang isip na ipinagkaloob ni Allāh sa kanya at magbulay-bulay sa kadakilaan ng mga langit at lupa, at na mag-isip-isip sa pamamagitan ng isip niya na ipinagkaloob sa kanya ng Tagalikha niya upang matalos niya na ang Sansinukob na ito ay may isang Tagalikha. Gayon din ang sinumang sumasamba sa mga bato at mga anito, walang maidadahi-dahilan para sa

kanya sa paggaya-gaya sa mga magulang niya; at inoobliga siya na saliksikin ang katotohanan at tanungin ang sarili niya: "Papaano akong sumasamba sa isang bagay na hindi nakaririnig sa akin, hindi nakakikita sa akin, at hindi nagpapakinabang sa akin ng anuman?"

Gayon din ang Kristiyano na sumasampalataya sa mga bagay-bagay na sumasalungat sa naturalesa at isip, inoobliga siya na tanungin ang sarili niya: "Papaano ukol sa Panginoon na magpabaya sa pagpatay sa anak niya, na hindi nakagawa ng pagkakasala, alang-alang sa pagtubos sa mga kasalanan ng mga ibang tao? Ito ay bahagi ng kawalang-katarungan!" Papaanong ukol sa isang tao na ipako sa krus at patayin ang anak ng Diyos? Hindi ba ang Diyos ay nakakakaya na magpatawad sa mga kasalanan ng Sangkatauhan nang hindi magpahintulot sa kanila ng pagpatay sa anak niya? Hindi ba ang Diyos ay nakakakaya na magtanggol sa anak Niya?

Kaya ang kinakailangan sa nakapag-uunawa ay na sumunod sa katotohanan at hindi gumaya-gaya sa mga magulang at mga ninuno sa kabulaanan.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

﴿وَإِذَا قِيلَ لَهُمۡ تَعَالَوۡاْ إِلَىٰ مَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ وَإِلَى ٱلرَّسُولِ قَالُواْ حَسۡبُنَا مَا وَجَدۡنَا عَلَيۡهِ ءَابَآءَنَآۚ أَوَلَوۡ كَانَ ءَابَآؤُهُمۡ لَا يَعۡلَمُونَ شَيۡـٔٗا وَلَا يَهۡتَدُونَ١٠٤﴾ [المائدة: 104]

{Kapag sinabi sa kanila: “Halikayo sa pinababa ni Allāh at sa Sugo” ay nagsasabi sila: “Kasapatan sa amin ang natagpuan namin sa mga magulang namin.” Kahit ba noon ang mga magulang nila ay hindi nakaaalam ng anuman at hindi napapatnubayan?}(Qur'ān 5:104)

## Ano ang gagawin ng sinumang nagnanais na umanib sa Islām at nangangamba para sa sarili niya ng perhuwisyo ng mga kamag-anak niya?

Ang sinumang nagnais na umanib sa Islām at natatakot sa kapaligirang nasa palibot niya, maaari sa kanya na umanib sa Islām at magkubli ng pagkaanib niya sa Islām hanggang sa magpadali si Allāh para sa kanya ng isang daan ng kabutihang makapagsasarili siya sa sarili niya at makapaglantad siya ng pagkaanib niya sa Islām.

Kaya bahagi ng kinakailangan sa iyo na tanggapin mo ang Islām kaagad, subalit hindi kinakailangan sa iyo ang magpabatid sa mga nakapalibot sa iyo ng pagkaanib mo sa Islām, o ang maghayag nito kapag sa paghahayag na iyon ay may kapinsalaan sa iyo.

Alamin mo na ikaw, kung umanib ka sa islam, ay magiging isang kapatid sa milyun-milyong Muslim. Maaari sa iyo ang makipag-ugnayan sa masjid o Islāmic center sa bayan mo at humiling sa kanila ng payo at tulong sapagkat ikaliligaya nila iyon.

Nagsabi si Allāh:

﴿... وَمَن يَتَّقِ ٱللَّهَ يَجۡعَل لَّهُۥ مَخۡرَجٗا ٢ وَيَرۡزُقۡهُ مِنۡ حَيۡثُ لَا يَحۡتَسِبُۚ ...﴾ [الطلاق: 2-3]

{2. Ang sinumang nangingilag magkasala kay Allāh ay gagawa Siya para rito ng isang malalabasan [sa kagipitan], 3. at magtutustos Siya rito mula sa kung saan hindi nito inaasahan. ...}(Qur'ān 65:2-3)

## O marangal na mambabasa,

Hindi ba ang pagpapalugod sa Diyos na Tagalikha mo – na nagbiyaya sa iyo ng lahat ng mga biyaya Niya at nagbibigay sa iyo ng sustansiya habang ikaw ay isang fetus sa tiyan ng ina mo at nagtutustos sa iyo ng hangin na sinisinghot mo ngayon – ay siyang higit na mahalaga kaysa sa pagkalugod ng mga tao sa iyo?

Hindi ba ang pananagumpay na pangmundo at pangkabilang-buhay ay naging karapat-dapat sa pagpapakasakit sa bawat anumang alang-alang doon na mga maglalahong tinatamasa sa buhay? Oo, sumpa man kay Allāh!

Huwag mong hayaan ang nakaraan mo na pumigil sa iyo sa pagtumpak sa maling tinatahak mo at paggawa ng bagay na tumpak.

Maging isang tunay na mananampalataya ka ngayong araw! Huwag kang magpahintulot sa demonyo na magpahinto sa iyo sa pagsunod sa katotohanan!

Nagsabi si Allāh:

﴿يَـٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ قَدۡ جَآءَكُم بُرۡهَٰنٞ مِّن رَّبِّكُمۡ وَأَنزَلۡنَآ إِلَيۡكُمۡ نُورٗا مُّبِينٗا ١٧٤ فَأَمَّا ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ بِٱللَّهِ وَٱعۡتَصَمُواْ بِهِۦ فَسَيُدۡخِلُهُمۡ فِي رَحۡمَةٖ مِّنۡهُ وَفَضۡلٖ وَيَهۡدِيهِمۡ إِلَيۡهِ صِرَٰطٗا مُّسۡتَقِيمٗا ١٧٥﴾ [النساء: 174-175]

{174. O mga tao, may dumating nga sa inyo na isang patotoo mula sa Panginoon ninyo. Nagpababa Kami sa inyo ng isang liwanag na malinaw. 175. Kaya hinggil naman sa mga sumampalataya kay Allāh at nangunyapit sa Kanya, magpapapasok Siya sa kanila sa isang awa mula sa Kanya at isang kabutihang-loob at magpapatnubay Siya sa kanila tungo sa Kanya sa isang landasing tuwid.}(Qur'ān 4:174-175)

# Ikaw ba ay handa na sa paggawa ng pinakadakilang pasya sa buhay mo?

Kapag ang lahat ng naunang nabanggit na ito ay makatwiran kaugnay sa iyo at umamin ka na sa reyalidad sa puso mo, kailangan sa iyo na humakbang ng unang hakbang tungo sa pagiging Muslim mo. Nagnanais ka ba mula sa akin ng pag-alalay sa iyo sa paggawa ng pinakamainam na pasya sa buhay mo at ng paggabay sa iyo sa pamamaraan na ikaw ay magiging Muslim?

Huwag mong gawin ang mga pagkakasala na hahadlang sa pagpasok sa Islām sapagkat nagpabatid nga sa atin si Allāh sa Qur'ān na Siya ay magpapatawad sa mga pagkakasala ng tao sa kabuuan ng mga ito kapag umanib siya sa Islām at nagbalik-loob siya sa Tagalikha niya. Kahit pa matapos ng pagkayakap mo sa Islām, bahagi ng pagkalikas na ikaw ay makagagawa ng ilan sa mga pagkakasala sapagkat tayo ay mga tao at hindi mga anghel na napangalagaan laban sa pagkakasala. Subalit ang hinihiling sa atin ay hilingin natin ang kapatawaran mula kay Allāh at magbalik-loob tayo sa Kanya. Kapag nakita ni Allāh sa iyo na ikaw ay nagdali-dali sa pagtanggap sa katotohanan, pumasok sa Islām, at bumigkas ng Dalawang Pagsaksi, tunay na Siya ay tutulong sa iyo sa pagwaksi sa mga iba pang pagkakasala sapagkat ang dumudulog kay Allāh at sumusunod sa katotohanan ay itinutuon ni Allāh sa tama. Para sa

karagdagan ng kabutihan, huwag kang mag-atubili sa pagpasok sa Islām ngayon.

Kabilang sa mga patunay sa mga iyon ang sabi ni Allāh:

﴿قُل لِّلَّذِينَ كَفَرُوٓاْ إِن يَنتَهُواْ يُغۡفَرۡ لَهُم مَّا قَدۡ سَلَفَ ...﴾ [الأنفال: 38]

{Sabihin mo sa mga tumangging sumampalataya na kung titigil sila ay magpapatawad sa kanila sa anumang nakalipas na ...}(Qur'ān 8:38)

# Ano ang gagawin ko upang ako ay maging isang Muslim?

Ang pagpasok sa Islām ay isang madaling bagay at hindi nangangailangan ng mga rituwal ni ng mga gawaing opisyal o ng pagdalo ng isang tao. Kailangan lamang sa tao na bumigkas ng Dalawang Pagsaksi habang nakaaalam sa kahulugan nito, habang sumasampalataya rito. Iyon ay sa pamamagitan ng pagsabi ng: Ashhadu an lā ilāha ill-llāh, wa-ashhadu anna Muḥammadar rasūlu –llāh (Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at sumasaksi ako na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh). Kung naging madali para sa iyo na sabihin ito sa wikang Arabe, maganda. Kung naging mahirap sa iyo iyon, makasasapat na bumigkas ka nito sa wika mo. Sa pamamagitan niyon magiging Muslim ka, pagkatapos kailangan sa iyo na matutuhan ang Islām na magiging pagkukunan ng kaligayahan mo sa Mundo at kaligtasan mo sa Kabilang-buhay.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Islām, itinatagubilin ko sa iyo na magsiyasat sa website ng:

Link ng salin ng mga kahulugan ng Marangal na Qur'ān sa wikang Tagalog:

Upang matuto kung papaanong magsabuhay ng Islām, itinatagubilin ko sa iyo ang pagpasok sa website na:

# Nilalaman

Sino ang lumikha sa akin? At bakit?Bawat bagay ay nagpapahiwatig ng kairalan ng Tagalikha. .... 1

Sino ang lumikha sa akin? At bakit?Bawat bagay ay nagpapahiwatig ng kairalan ng Tagalikha. .... 3

Si Allāh – Kaluwalhatian sa Kanya at Napakataas Siya .... 5

Ang mga Katangian ng Panginoon – Kaluwalhatian sa Kanya at Napakataas Siya .... 7

Ang Panginoong sinasamba ay hindi maiiwasan na mailarawan sa mga katangian ng kalubusan. .... 9

Maiisip kaya na mag-iwan sa atin ang Tagalikha nang walang pagkasi? .... 12

Ang Marangal na Qur'ān .... 15

Bakit dumami ang mga sugo? .... 16

Ang tao ay hindi magiging isang mananampalataya hanggang sa sumampalataya siya sa lahat ng mga sugo. .... 18

Ano ang Islām? .... 20

Ano ang pinaniniwalaan ng mga Muslim kaugnay kay Jesus (sumakanya ang pangangalaga)? .... 22

Ano ang nag-oobliga sa akin upang ako ay maging isang Muslim? .... 29

Ang Islām ay ang Daan ng Kaligayahan. .... 31

Ano ang mapapala ko sa pagpasok sa Islām? .... 32

Ano ang maiwawala ko kung sakaling tinanggihan ko ang Islām? .... 34

Huwag mong ipagpahuli ang pagpapasya! .... 36

Walang maidadahi-dahilan para sa sinumang nagwaksi sa totoo at gumaya-gaya sa mga magulang at mga ninuno. .... 39

Ano ang gagawin ng sinumang nagnanais na umanib sa Islām at nangangamba para sa sarili niya ng perhuwisyo ng mga kamag-anak niya? .... 42

O marangal na mambabasa, .... 44

Ikaw ba ay handa na sa paggawa ng pinakadakilang pasya sa buhay mo? .... 46

Ano ang gagawin ko upang ako ay maging isang Muslim? .... 48